PAG-ASA

Pahayag ng Kilusan ng Nagkakaisang Kabataan -North Bay Blvd.



Limang katao ang binaril at minasaker ng magkasamang pulis ng Quezon City at Navotas ng alas 11:45 ng gabi, Enero 12,1981 sa harap ng maraming tao ng Section V ng North Bay Blvd. South Navotas, Metro-Manila.

Si Alex Cinco kasama ang apat pa na kabataan ay nasa Dories Restaurant ng biglang dumating ang mga pulis at sila ay hinuli at nilagyan ng mga posas ang mga kamay. Dinala ang lima sa likod ng pader ng Caltex Gasoline Station, hinilira sila sa pader at habang may posas ang mga kamay ay pinagbabaril ng mga pulis. Kasunod nito ay dumating ang service ng pulisya na Ford Fierra at patong-patong na isinakay ang mga biktima at dinala sa Tondo General Hospital, patay ng lahat ang limang kabataan at tuloy-tuloy sa Funeraria Popular.

Alas 4:00 ng madaling araw ay binalita ng DZRH na may limang katao ang namatay sa riot sa Philippine Fish Port.

Alas 7:00 ng umaga ang mga nanay at mga kabataan ng Section V ay dumulog sa station ng DZRH at si Letty Ocampo ay nagsalita sa tunay na pangyayari sa "Masaker" na naganap.

Si Alex Cinco, 19 taon gulang ay isang lider kabataan ng Section V, pangalawang Pangulo ng Kabataang Bagong Pag-asa. Masigasig si Alex na kumikilos para sa kaayusan, kalinisan at kaunlaran ng knilang lugar. Lagi rin siyang nangunguna sa mga pagkilos sa ikalulutas ng suliranin sa lupa at makataon paninirahan.

Sa pagkamatay ni Alex, naulila niya ang kanyang ina at dalawang kapatid na tanging umaasa sa kanya. Siya ay nagtratrabaho sa Philippine Fish Port sa gabi at helper sa restaurant sa umaga.

NAVOTAS MASAKER -DAPAT KONDENAHIN

Hinuli,nilagyan ng posas sa kamay,ihihanay sa pader at binaril ng mga pulis sa harap ng maraming tao. Parang pelikula sa sine, parang panahon ng Hapon ngunit ang masaker ay nangyari noong lamang makalawa Enero 12,1981, ilang araw lamang bago alisin ang Martial Law. Mahirap isipin na sa ating lipunan pala ngayon ay may mga tao na berdugo, mga tao na uhaw sa dugo ng kanilang kapwa. Hindi na kinalabutan sa cold Blood na pagpatay lalo pa ngga't mga pulis na may tungkulin mangalaga sa pag-papatupad ng batas.

Sa ilalim ng ating lipunan, saharap ng batas at sa mata ng Diyos ay hindi natin pina-iiral ang "Batas ng Baril". Tayo ay naniniwala na ang mga tao kung may kasalanan ay inuusig sa hukuman at kung may kasalanan ay dapat parusahan ayon sa atin batas. Hindi kailaman at hindi natin papayagan na ilagay ang batas sa ating mga kamay.

O' ang "Masaker " ng limang katao naito ay isang salamin ng karahasan na ipunla sa isipan ng mga alagad ng batas sa ilalim ng 8 taon pag-iral ng Batas Militar. Kaya ang pag-aalis sa Martial Law at pagbabalik daw ng ating mga karapatang sibil,ang Navotas-Masaker ay isang babala ng lalo pang karahasan at pag-supil sa karapatan ng mga mamamayan.

Ang isa pang tanong namin " Bakit pag-mahirap ang napapatay lagi nalaman tatawagin mga holdaper ? Kami bang mga mahihirap ay wala ng dangal ?. Putik na ba ang turing sa amin ng Lipunan?

Kaya kami mga mamamayan ng North Bay Blvd. ay mahigpit na kinokondena ang masaker sa limang kabataan at nanawagan na bigyan ng katarungan ang usapin ito. Humihiling kami ng pantay na pagsisiyasat sa pagkamatay ni Alex Cinco at ng apat niyang kasama. Dapat maparusahan ang mga pulis na gumawa ng ganitong malagim na krime.

Mamamayan ng North Bay Blvd.
Navotas,Metro-Manila